

# 1

Iyak nang iyak si Veronica habang pinagmamasdan ang kabaong ng kanyang ina na tinatabunan na ng lupa. “Nay, bakit mo ako iniwan? Paano na ’ko ngayon?”

Awang-awa naman sa sampung taong gulang na bata ang mga kapitbahay nilang nakipaglibing.

“Kawawa naman ’yang si Veronica, maagang naulila sa mga magulang.”

“Oo nga. Hindi ko nga alam kung paano’ng magiging buhay ng batang ’yan sa madrastong si Gaston.”

“Ano pa, eh, di siguradong aalilaing mabuti ’yan ng mag-amang Gaston at Bernard.”

“Baka ’ika mo utusan pang magpalimos ’yang bata!”

“Sigurado ’yon. Di ba’t kaya nangayayat at nagkantutuyot ’yang ina ni Veronica ay dahil sa kakatrabaho para may maisustento sa bisyo ni Gaston?”

“Kasalanan niyang si Gaston kung bakit namatay

si Adela. Kung hindi niya pinasagsag sa kalakasan ng bagyo ang pobreng babae para bumale ng pera sa among pinaglalabadahan ay hindi ito mapapasma't hindi mapupulmonya.”

“Huwag kang maingay, Kumare, at baka marinig tayo ni Gaston,” saway ng isa.

“Bakit? Totoo naman, ah!”

“May kasalanan din si Adela sa nangyari. Kung hindi siya nakisama kay Gaston ay hindi sana magkakaganyan ang buhay nila. Di ba't malaki-laki ring halaga ang naiwan sa kanila ni Victor nang mamatay, bukod pa sa perang natanggap nila sa opisinang pinagtatrabahuhan nito?”

“Nalaspag nang lahat ni Gaston ang pera ng mag-inang 'yan.”

“Kaawa-awang Veronica. Nawalan na ng magulang, naagawan pa ng perang iniwan ng ama.”

“Siguradong dusa ang naghihintay sa batang iyan.”

---

Hindi naman nagkabula ang mga usap-usapan ng mga kapitbahay nila. Ginawa ngang alila si Veronica ng mag-amang Gaston at Bernard.

“Veronica, ibili mo daw ng *Junior Lapad* ang Tatay!” sigaw ng sampung taong gulang na si Bernard.

“Hindi mo ba nakikitang naglalaba ako? Sabi ng Tiyo Gaston ay wala na siyang malinis na pantalon at nandito nang lahat sa labahin. Paanong matutuyo agad ito kung iniistorbo mo pa ako?” mataray na sagot ng batang babae.

“Aba at nagrereklamo ka na ngayon, ha?” Galit na sinabunutan siya ni Bernard.

“Aray ko! Ano ba?” singhal niya.

“Aba’t talagang matapang ka, ha!” Lalong pinanggigilan ng batang lalaki ang buhok niya.

Ubod-lakas niya itong siniko. Tama namang natapat iyon sa maselang parte ng katawan nito kaya umaaringkot ito sa sakit, dahilan para mabitiwan nito ang buhok niya.

Sinamantala niya ang pagkakataon. Hinila niya ito papalapit sa batya at inilublob ang mukha nito sa batyang punung-puno ng bula. “Uli-uli, huwag mo akong sasaktan, ha!” gigil niyang sabi.

Hirap na hirap nang huminga si Bernard. Kung hindi lumabas si Gaston, marahil ay napatay na niya ito.

“Ano ba’ng.... P—i—!” Tinakbo nito ang anak. “Papatayin mo ba ang anak ko?” nanlilisik ang mga matang tanong nito.

Hindi siya sumagot. Habol naman ni Bernard ang paghinga nito. Dahil sa nakitang paghihirap ng anak ay ginulpi ni Gaston ang batang babae.

“Walanghiya kang bata ka! Mamamatay-tao ka!”

Napakaraming hagupit ng makapal na sinturon ang inabot ni Veronica mula sa madrasto, bukod pa sa tadyak na manaka-nakang ibinibigay sa kanya ni Bernard. Pulos latay ang buo niyang katawan nang lubayan siya ng mag-ama.

Wala siyang nagawa kundi ang tahimik na lumuha. Dala ng nararamdamang sakit ng katawan ay nakatulog kaagad siya.

---

Nakakapangilabot na haplos sa kanyang binti ang nakapagpagising kay Veronica.

Laking gulat niya nang makita si Tiyo Gaston sa tabi ng hinihigaan at panay ang haplos sa kanyang binti. “Tiyo Gaston?” nanginginig na tanong niya.

“Shh! Huwag kang maingay! Natutulog na si Bernard at ayoko siyang magising.”

“Ano’ng ginagawa n’yo?”

“Nalulungkot ang Tiyo Gaston mo, Veronica. Wala na kasi ang nanay mo, eh. Di ba ikaw naman ang gumagawa ng lahat ng mga gawaing naiwan ng nanay mo?”

“Opo.”

“Kaya kailangan gawin mo din ito, Veronica,” nakangising sabi nito.

Kinilabutan siya. “Tiyo Gaston, huwag po!”

“Sandali lang ito....” At sinimulan na siya nitong sibasibin ng halik.

Diring-diri siya sa ginagawa ng amain. Inipon niya ang lahat ng natitira niyang lakas at ubod-lakas na tinadyakan ang kaselanan nito.

“Aray ko! Walanghiya kang bata ka!”

Sinamantala niya ang pagkakataon. Nagtatakbo siyang palabas ng kanilang bahay patungo sa maliit na eskinita. Malayu-layo na siya nang makita niyang humahabol sa kanya ang madrasto.

Lalo niyang binilisan ang pagtakbo hanggang sa makarating na siya ng labasan. Dali-dali niyang pinara ang paparating na sasakyan.

“Ano ’yon, Gusting?” tanong ni Doña Amanda Velasquez sa driver ng kotse.

“May pumapara pong bata, Señora.”

Inaninag ng doña ang bata at nakita siya nitong umiiyak. “Parahan mo siya, Gusting,” utos nito.

“Opo!”

“Mama, paano kung masamang tao siya?” tanong ni Emil sa ina.

“I don’t think so, Emil. She’s just a little girl.”

“Señora, paano po kung may kasama siya? Maaaring modus operandi ito ng mga squatter diyan,” sabi ni Mang Gusting.

“Hindi naman siguro. Basta’t tigilan mo siya.”

“Opo, Ma’am.”

Pagtigil ng kotse ay kaagad na lumapit sa bintana niyon si Veronica. “Para n’yo na pong awa, tulungan n’yo po ako. Gusto po akong pagsamantalahan ng Tiyo Gaston ko!” pagmamakaawa niya.

Nakita nga ni Doña Amanda ang papalapit na lalaki. “Madali, Gusting! Papasukin mo siya at umalis na tayo dito bago abutan ng humahabol sa batang iyan.”

Sumunod naman ang driver. Nang mabilis na umandar ang kotse ay saka lamang nakahinga nang maluwa si Veronica. Sa matinding pagkahapo, hindi niya namalayang nakatulog na pala siya sa kinauupuan.

---

Nang magmulat ng mga mata si Veronica ay hindi siya makapaniwala sa nagisnan. Maluwang ang silid, halos doble sa laki ng kanilang buong bahay. Ang kanyang likod ay nanibago sa lambot ng malapad na kamang hinihigaan niya.

Gandang-ganda siya sa mga bulaklaking kurtina na katerno ng kanyang kumot, at sapin ng kama at unan. Ang paligid niya ay mabangung-mabango, taliwas sa nangangamoy na estero sa kanilang lugar. Ngunit saan siya naroroon?

Babangon sana siya ngunit naramdaman niya ang kirot sa kanyang buong katawan.

“Huwag ka na munang bumangon.”

Tumingin siya sa pinanggalingan ng tinig. Nakita niya ang isang babae na may dalang tray ng pagkain.

Ibinaba nito ang tray sa mesa. “Sandali lamang at tatawagin ko ang Señora Amanda.”

Muli siyang naiwan sa silid. Binalikan niya sa isip ang mga pangyayari. Ang huling natatandaan niya ay sumakay siya sa isang kotse dahil binalak siyang pagsamantalahan ng kanyang Tiyo Gaston.

“Kamusta ka na?” tanong ng nakangiting babae na palapit sa kanya. Maganda ito; tingin niya ay kasintanda lamang ito ng kanyang nanay. Bihis na bihis ito na katulad ng mga napapanood niya sa TV ng kapitbahay nila.

“Mabuti po,” sagot niya habang titig na titig dito. Bigla niyang naalala—ito ang babaeng tumulong sa kanya nang nakaraang gabi.

“Ano’ng pangalan mo?”

“Veronica po. Veronica Amador.”

“Nasaan ang iyong mga magulang, Veronica?”

Napayuko siya. “Wala na po; patay na po silang pareho.”

“Ikinalulungkot kong marinig ’yan,” sabi nito, pagkuwa’y, “Sino ang humahabol sa iyo kagabi?”

“Ang Tiyo Gaston ko po, ang asawang kauli ng nanay ko. Gusto niya akong pagsamantalahan,” naluluhang sagot niya.



Nakadama ng habag si Doña Amanda sa batang babae. “Siya rin ba ang may kagagawan ng mga latay na ito?” tanong nito habang hinahaplos ang mamulamula at mangitim-ngitim na mga braso niya.

Tumango siya.

“Nasaan ang iba mong kamag-anak?”

“Hindi ko po kilala ang mga kamag-anak namin. Sabi po ng nanay ko’y nasa malayong probinsya sila.”

“Gusto mo bang dumito muna?”

“Hindi po ba nakakahiya sa inyo?”

Ngumiti ito. “Wala kang dapat ikahiya. Ipanatag mo ang loob mo at dito ka muna hanggang gumaling ka.”

“Salamat po; ang bait-bait ninyo.”

Ngumiti lang ito. “Manang Ising, tawagan mo si Dr. Simon at patingnan mo si Veronica,” baling nito sa katulong. “Kung may mga gamot na kailangang bilhin ay utusan mo si Auring na bumili sa botika.”

“Opo, Señora Amanda.”

Binalingan siya ulit ng doña. “Kailangan ko nang pumunta sa opisina. Huwag kang mag-alala at babantayan ka ni Manang Ising. Kapag may kailangan

ka'y sabihin mo sa kanya, ha?"

“Opo, Señora Amanda,” sagot niya, ginaya kung paano ito tinawag ni Manang Ising.

Nang lumabas ng pinto si Doña Amanda ay nakita ni Veronica sa labas ng silid ang isang binatilyo na nakangiti sa kanya. Ginantihan niya ito ng isang tipid na ngiti.

## 2

Namalagi si Veronica sa mansyon ng mga Velasquez hanggang sa tuluyan siyang gumaling.

“Magaling na po ako. Bukas po’y magpapaalam na ako, Señora Amanda. Baka po lubha na akong nakakabigat sa inyo,” sabi niya habang naghahapunan kasalo si Doña Amanda at dalawa nitong anak na sina Emil at Edwin.

“Saan ka pupunta?” tanong ng thirteen-year-old na si Edwin. Sa ilang araw na ipinamalagi niya sa mansyon ay naging malapit siya sa binatilyo na may likas na kabaitan.

Nagkibit siya ng balikat. “Bahala na.”

“Paano kung makita ka ng Tiyo Gaston mo? Ma, huwag mo siyang payagan,” baling nito sa ina.

Umingos naman si Emil na mas bata sa kuya nito ng isang taon. Unang pagkikita pa lamang nila ay alam na ni Veronica na hindi siya gusto nito; ni hindi siya nito kinakausap o nginingitian man lamang.

“Ma, please?” pakiusap ni Edwin sa ina.

“Marami na tayong katulong, Kuya,” inis na

sabad ni Emil. “Aanhin pa natin ang isa?”

“Ang bata-bata pa ni Veronica para maging katulong,” sagot ni Edwin. “Puwede naman natin siyang maging baby sister, ah?”

“Baby sister? ’Yang pangit na ’yan, gusto mong maging baby sister? At saka hindi na baby ’yan, damulag na ’yan, eh!”

Napayuko si Veronica, nasaktan sa sinabi ni Emil.

Pinagalitan ni Doña Amanda ang anak. “Emil, that’s enough! Mag-sorry ka kay Veronica.”

“But, Ma—”

“Emil...” Nagbabanta ang tono ng doña.

Walang nagawa ang batang lalaki kundi sundin ang ina. Tinitigan muna siya nito nang matalim at saka bumulong. “Sorry.”

“Wala ’yon,” nahihiyang sagot niya.

“Ma, payag ka na bang ampunin na lang natin si Veronica?” tanong ni Edwin.

Ngumiti ang doña. Ito man ay sabik din na magkaroon ng anak na babae. “You can stay here, Veronica. Ituturing ka naming miyembro ng pamilya at papag-aralin kita sa susunod na pasukan.”

Kaagad na sumilay ang ngiti sa mga labi ng bata. Hindi siya makapaniwala sa dumating na suwerte sa kanya. “Salamat po, Señora Amanda! Hayaan n’yo po’t babayaran ko ang mga magagastos ninyo sa pagpapaaral sa akin sa pamamagitan ng paggawa dito sa mansyon.”

“Hindi mo kailangang gawin ’yon. Ikaw ay parang magiging anak ko na rin kaya hindi ka gagawa ng anumang gawain dito.”

“Ho? Pero—”

“Wala nang pero-pero. At isa pa’y hindi na Señora ang itatawag mo sa akin, Mama na.”

“Mama?”

“Oo, katulad din ng tawag namin sa kanya. Gusto mo ba?” nakangiting tanong ni Edwin.

“Oo! Gustong-gusto ko!” sagot niya at saka mabilis na lumapit kay Doña Amanda at niyakap ito. “Salamat po! Salamat po!”

Ginantihan din siya nito ng yakap.

“Mama, Sabado bukas at wala kaming pasok. Maaari kong samahan si Veronica para mamili ng mga gamit niya,” suhestyon ni Edwin.

Ngumiti ang doña. “Aba! Sasama rin ako. Gusto kong ako ang personal na mamili ng mga gamit ng aking anak na babae.”

Natuwa si Edwin sa narinig.

“Bukas ay mamimili tayong apat,” sabi ng doña.

Habang tuwang-tuwa ang tatlo ay nanatiling nakaismid ang tahimik na si Emil.

---

Napakarami nilang pinamili kaya halos mapuno ang dala nilang van. Lahat na halos ng gamit na pambabae ay mayroon na si Veronica.

Tinutulungan siya ni Manang Ising na ayusin ang mga gamit niya. “Ang suwerte mo namang bata ka, biruin mong mahulog kaagad ang loob sa ’yo ni Señora Amanda.”

“Natutuwa nga po ako, Manang Ising. Hanggang ngayon ay hindi pa rin ako makapaniwalang meron na akong lahat ng ito.”

“Kaya magpapakabait kang palagi at huwag mong bibigyan ng ikasasama ng loob si Señora Amanda.”

“Naku! Hindi ko po gagawin ’yon. Mamahalin ko sila nang lubos, silang dalawa ni Kuya Edwin at saka

si Kuya Emil... kahit na ayaw niya sa akin.”

“Huwag mo na lang papansinin ’yang si Emil. Ayaw kasi n’on ng may kahati sa pagmamahal ni Señora Amanda.”

“Bakit? Kapag ba minahal ako ng Mama Amanda’y mababawasan ang pagmamahal niya kay Kuya Emil?”

“Hindi nga pero hindi naiintindihan ni Emil ’yon.”

“Bakit ho ba siya gan’on?”

Napabuntunghininga si Manang Ising. “Hindi naman dating ganyan ang batang ’yan, eh. Mabait nga siya’t malambing noon pero simula nang magkahiwalay sina Señora Amanda at Señor Ricardo ay nagkaganyan na ’yan na para bang hindi niya matanggap ang nangyari.”

“Buhay pa ho pala ang asawa ng Mama?”

“Oo. Nasa Amerika siya, kapiling ang bagong pamilya.”

“Kawawa naman ho pala ang Mama.”

“Sinabi mo pa!”

“Buti ho’t hindi na nag-asawa ng iba ang Mama?”

“Kuu! Hindi na niya maisip ’yon sa pag-aasikaso ng mga negosyo niya,” sagot nito. “Hay naku! Ikaw na bata ka’y kung anu-ano ang itinatanong mo. Magayos ka na’t malapit na ang hapunan.”

Sa kauna-unahang pagkakataon ay sumalo si Veronica sa mag-iina sa hapunan nang hindi ikinahihiya ang hitsura. Tinulungan siya ni Manang Ising na itali ang mahabang buhok at ayusin ang pagsusuot ng pink niyang bestida.

“Veronica, ikaw ba ’yan?” tanong ni Edwin na gulat na gulat nang makita siya.

“Ang ganda-ganda mo, Veronica,” puri ni Doña Amanda.

Si Emil man ay humanga sa kanya subalit ayaw nitong ipakita iyon.

“Hindi ka na makikilala ng mga dating kakilala mo. Ang laki ng ipinagbago mo,” patuloy ng doña.

“Salamat po, M-Mama.”

“Siya, kumain na tayo.”

Kumakain na sila nang may naisip si Edwin. “Ma, bakit hindi natin palitan ang pangalan ni Veronica?”

“Palitan ng ano?”



“Bakit hindi natin gawing ‘Nica,’ imbis na Veronica, para mas maiksi.”

“Nica? Maganda kaya lang ay tanungin mo muna si Veronica kung gusto niyang iyon ang itawag natin sa kanya.”

Binalingan siya ni Edwin. “Gusto mo ba, Nica?”

Ngumiti siya. “Maganda. Sige, mula ngayon ay Nica na ang itawag ninyo sa akin.”

Masayang-masaya sila samantalang halos magdilim ang mukha ni Emil sa inis.

---

Nakahiga na si Veronica sa kama ay hindi pa rin maalis sa isipan niya ang suwerteng dumating sa kanyang buhay.

Nagpapasalamat siya sa Diyos na mayroon pang mga taong katulad nina Mama Amanda at Kuya Edwin. Naisip niya si Edwin; mabait ito at malambing sa kanya at guwapo pa. Pero mas guwapo para sa kanya si Emil kaya lang ay masungit ito at laging nakasimangot. Para bang ayaw nito sa kanya.

*Pero di bale, bukas na bukas din ay pipilitin kong magkalapit kami, sabi niya sa sarili.*

Naglalaro si Emil sa balkon nang maisipan itong lapitan ni Nica. Nakita nito ang paglapit niya pero hindi siya pinansin.

Hindi siya makapagsalita, hindi alam kung ano ang sasabihin dito.

Nang ilang sandali na siyang nakatayo sa harapan nito pero hindi naman nagsasalita ay pasinghal siya nitong tinanong. “What do you want? Why are you staring at me? If you have nothing better to do, you better get out of my sight!”

“H-ha?” Nabigla siya. “Hindi kita maintindihan,” nahihiyang sagot niya.

Natawa ito. “Bobo ka pala?”

“Hindi ko lang maintindihan ang Ingles,” masama ang loob niyang sabi.

Pero hindi ito tumigil sa pagtawa. Hanggang sa umiiyak siyang nagtatakbo papanhik sa kanyang silid.

Nakita ni Edwin ang pangyayari kaya sinita nito ang kapatid. “Ano’ng ginawa mo kay Nica, ha?”

“Wala!”

“Bakit umiiyak siya?”

“Malay ko d’on.”

“Isusumbong kita sa Mama,” pananakot nito.

“Eh, di magsumbong ka. Sa wala naman talaga akong ginagawa sa pangit na ’yon, eh.”

“Hindi pangit si Nica!”

“Ano’ng tingin mo d’on, maganda?” nang-iinis na tanong ni Emil.

“Oo.”

“Yikes! Ang tapang naman ng sikmura mo, Kuya,” tukso niya.

Napailing si Edwin sa kapilyuhan ng kapatid. “Huwag kang masyadong salbahe, Emil. Baka balang araw ay magkagusto ka kay Nica.”

“Ako? Puwede ba? Ang dami-daming magagandang babae d’un sa *St. Scholastica*, ’tapos diyan lang kay Nica ako magkakagusto? Never na mangyari ’yon, Kuya,” matigas na sabi niya.

Napailing na lamang ito sa kasutilan ng kapatid.

---

Simula noon ay iniwasan na ni Nica si Emil. Natanggap niyang hindi sila magiging magkaibigan

dahil ayaw nito sa kanya kaya minarapat na lang niyang ilugar ang sarili sa dapat kalagyan. Nang magsimula ang pasukan ay isinubsob niya ang ulo sa pag-aaral.

Matuling lumipas ang apat na taon.

Minsan ay dumating si Emil na kasama ang ilan sa mga bagong kaibigan. Biyernes noon at walang pasok kinabukasan kaya napagkaisahan ng mga itong maglaro ng video games sa bahay nila.

Nagkakatuwaan sila sa sala nang dumating si Nica mula sa eskuwelahan. Fourteen na ang dalagita noon at nasa second year high school. Nagsisimula nang umusbong ang natatangi nitong kagandahan. Sixteen naman si Emil at graduating na sa high school.

“Emil, sino siya?” tanong ni George.

“Ah, si Nica,” walang gana niyang sagot.

“Kapatid mo?”

“Ampon namin.”

“Ang ganda niya! Ipakilala mo naman kami.”

“Oo nga!” sulsol ng isa.

Wala siyang nagawa kundi pagbigyan ang mga

ito. “Nica, halika.”

Nagulat ang dalagita at nagtatakang lumapit kay Emil. Bibihira siya nitong kausapin o pansinin at nakasanayan na niya ang ganoon.

“Gusto ka daw nilang makilala. George, Jaime, si Nica, kapatid ko. Nica, mga bagong kaibigan ko.”

Kahit na walang kangiti-ngiti ang mukha ni Emil ay nasiyahan siya sa narinig; sinabi ng binatilyo: ‘kapatid ko.’ Ngumiti siya sa mga bisita nito. “Hi!”

“Hi, Nica!” bati ng mga ito.

Hindi maintindihan ni Emil pero para itong nainis nang makitang giliw na giliw si Nica sa dalawang kasama. “Sige na, pumasok ka na silid mo’t mag-aral ka,” biglang pagsusungit nito.

“O-oo, Kuya Emil,” kiming sagot niya.

Masaya siyang pumanhik sa kanyang silid. Kahit paano ay nalaman niyang kapatid din pala ang turing sa kanya ng binatilyo.

Sa sala naman ay hinayang na hinayang ang dalawang bisita. “Bakit mo naman siya pinapasok kaagad, Emil? Sana’y isinali natin siya sa game natin,” sabi ni George.

“Hindi puwede, mag-aaral pa ’yon,” sagot niya.

“Saturday naman bukas, ah. Tayo nga’y naglalaro, eh.”

“Bakit ba gusto n’yong makasama si Nica?” inis na tanong niya sa dalawa.

“Kasi’y ang ganda niya,” sagot ni George.

“Ako din, crush ko siya,” sabi rin ni Jaime.

“Alam n’yo bang ang bata-bata pa ng kapatid ko?”

“Crush lang naman, eh.”

“Kahit na!”

“Eh, bakit ka galit?”

“Siyempre, kapatid ko ’yon!”

“Hindi mo naman siya tunay na kapatid, ah. Ampon n’yo lang siya,” sabi ni Jaime.

“Siguro ikaw din, may gusto ka sa kanya, ano?” tanong ni George.

“Tarantado pala kayo, eh! Sinabing kapatid ko ’yon, eh!”

“Hindi naman kayo tunay na magkapatid, eh. Puwede mo nga siyang maging asawa!” tukso ni

George.

Sa galit ni Emil ay napauwi niya nang di-oras ang mga kaibigan. Inis na inis siya sa mga ito. At kay Nica? Arteng-arte siya rito; kahit na kakikilala pa lang kina George at Jaime ay nakikipagngitian na! Hindi niya alam pero pakiramdam niya ay lalong nadagdagan ang kanyang inis sa dalagita.

---

Sa pag-aakalang natanggap na siya ni Emil bilang kapatid ay sinubukan ni Nica na makipaglapit dito. Nang minsang makita niya itong nanonood ng MTV sa sala ay dinalhan niya ito ng cake at juice. “Kuya Emil, dinalhan kita ng merienda,” nakangiting sabi niya.

Ngunit hindi nito nagustuhan ang ginawa niya. “Bakit, sinabi ko ba sa ’yong dalhan mo ko niyan?” galit na tanong nito.

Umiling siya. “Baka ’ika ko nagugutom ka na, eh. Kasi kanina ka pa nanonood dito.”

“Kahit na nagugutom ako, hindi ako sa ’yo magpapadala niyan; maraming ibang katulong.”

“Bakit ba galit na galit ka sa akin?” matapang na tanong niya, napipikon na rito.

“Dahil ayoko kitang maging kapatid!” sigaw nito.

Labis na nasaktan, luhaan siyang nagtatakbo palayo rito.

Nakadama naman ng awa si Emil sa dalagita; gusto niyang pagsisihan ang ginawa. Tatayo sana siya para sundan ito at tuloy ay humingi ng tawad nang galit na sinita siya ng Kuya Edwin niya.

“Ikaw, Emil, sumosobra ka na, ah! Bakit mo na naman inaway si Nica?”

Nainis siya dahil kinampihan na naman ng kapatid ang ampon nila. Nakalimutan tuloy niya ang balak na paghingi ng tawad dito.

“Isusumbong na talaga kita sa Mama. Masyado ka nang sutil!” banta nito.

“Eh, di magsumbong ka, hindi ako natatakot!” sagot niya.

“Talaga? At sino ba ang ipinagmamalaki mo, ang Papa? Wala na ang Papa! Iniwan na tayo kaya wala ka nang kakampi!” galit na sabi nito at saka siya iniwanan.

Tiningnan nang matalim ni Emil ang papalayong kapatid. Hindi niya nagustuhan ang sinabi nito.



*Kahit Mahal Mo Ay Iba - Melissa Santos*

---

Kahit na iniwan sila ng kanilang papa at may bago na itong pamilya sa Amerika ay mahal na mahal pa rin niya ito, at alam niyang mahal na mahal pa rin siya ni Don Ricardo. Hindi niya sinisi ang ama sa paglayo nito bagkus ay kay Doña Amanda pa nga siya nagtatampo dahil basta na lang nito hinayaan ang kanyang papa na maagaw ng iba.

Regular ang komunikasyon niya sa ama. Katunayan nga ay niyayaya siya nitong pumunta ng Amerika. Sinabi nito na kahit na anong oras niya gustuhing pumunta roon ay maaari, sabihin lang niya.

# 3

Tinotoo nga ni Edwin ang banta sa kapatid. Pagdating ni Doña Amanda ay kaagad nitong sinabi sa ina ang ginawang pagpapaiyak ni Emil kay Nica.

Ipinatawag ng doña ang dalawa. “Ano ang nangyari, Nica? Bakit ka pinaiyak ni Emil?” tanong nito.

“Wala po, Mama,” sagot ni Nica.

Napailing ang doña, binalingan nito ang anak. “Emil, bakit mo pinaiyak si Nica?”

“Wala akong ginagawa sa kanya, Mama,” matigas na sagot ni Emil.

“Nica, ayoko ng sinungaling,” baling ulit ng doña sa dalagita, medyo matigas na ang tinig. Alam nitong sa ganoong paraan lang nito mapipilit si Nica para magsalita. “Sabihin mo kung ano talaga ang nangyari.”

Nabaghan siya sa tono ng doña; napilitan siyang sabihin ang nangyari.

“My God, Emil! The least you could have done was to say thank you to her,” galit na sabi ng doña

pagkatapos. “Hindi mo dapat ginawa sa kanya ’yon!”

“Why should I thank her? Hindi ko naman siya inutusan para gawin ’yon, ah? And besides, kahit na inutusan ko pa siya, hindi pa rin ako magte-thank you dahil dapat lang na pagbayaran niya ang mga ginagastos mo sa kanya!”

Nasampal ni Doña Amanda ang anak. “Napakasutil mo!”

Nabigla si Emil, nahaplos nito ang pisnging sinampal ng ina.

“I-I’m sorry, Hijo. Pinilit mo akong gawin ko sa iyo ’yan,” hirap na sabi ng ina.

“Sinampal mo ako nang dahil sa ampon mo? I hate you, Mama! I hate you!” sigaw nito at saka nagtatakbong papunta ng sariling silid.

“Emil, Anak!”

Ngunit hindi nito pinansin ang ina. Napaiyak na nang tuluyan si Doña Amanda.

Sising-sisi naman si Nica, lumapit siya sa adoptive mother at niyakap ito. “Mama, sorry po. Kung hindi dahil sa akin ay hindi kayo magkakaganito.”

Pinilit nitong ngumiti. “Wala kang kasalanan.

Talaga lang masyado nang matigas ang ulo ni Emil.”

“Oo nga, Nica. Kung hindi ka niya pinaiyak ay hindi naman siya papagalitan ng Mama,” sabi ni Edwin.

“Pero kung wala ako dito’y wala rin siyang kaiinisan, wala siyang aawayin at tuloy ay hindi magkakaroon ng pagkakataon ang Mama na pagalitan siya.”

Niyakap siya ni Doña Amanda. “Huwag mong sabihan ’yan, Nica. Hayaan mo’t maiisip din ni Emil ang mga pagkakamali niya.”

---

Ngunit hindi ganoon ang nangyari. Wala pang isang linggo buhat nang mangyari ang insidenteng iyon ay dumating ang papa nina Emil at Edwin.

“Ano’ng ginagawa mo dito, Ricardo?” pormal na tanong ni Doña Amanda sa dating asawa.

“Nagpapasundo sa akin si Emil, Amanda. Hindi na daw siya mahalaga sa pamamahay na ito dahil mayroon ka na daw bagong anak.” At saka nito tinitigan si Nica na noon ay nasa isang sulok.

Nakadama naman ng takot ang dalagita sa ama ng magkapatid.

“Hindi totoo ’yan,” sabi ni Doña Amanda. “Ikaw lang talaga ang nagpupumilit na makuha ang anak ko.”

Natawa ang don. “Bakit hindi mo tanungin si Emil?”

Binalingan ni Doña Amanda ang bunsong anak. “Totoo ba ang sinasabi ng iyong papa?”

Tumango si Emil. Buhat nang mangyari ang insidente ng pananampal ng doña rito ay hindi na nito pinagkakausap ang ina, maging si Edwin, at lalo na si Nica.

Nagalit si Edwin sa ginawa ng kapatid. “Bakit mo ginawa ’yon, Emil?”

“Dahil palagi n’yo na lang akong pinagkakaisahan dito!” galit nitong sagot. “Hindi n’yo na ako mahal. Palaging si Nica na lang ang importante sa inyo.”

“Hindi totoo ’yan!” sagot ni Edwin.

“Totoo ba ’yon, Amanda? Mas mahalaga pa ang ampon mo kaysa sa tunay mong anak?” sarkastikong tanong ni Don Ricardo.

Napayuko si Nica. Alam niyang kung hindi dahil sa kanya ay hindi magkakagulo ang mag-anak.

“Sinampal mo pa daw si Emil,” patuloy ng don. “Hindi naman yata makatuwirang pagbuhatan mo ng kamay ang anak ko nang dahil lamang sa isang sampid?”

Hindi nakatiis si Edwin sa sinasabi ng ama. “Si Emil naman ang may kasalanan, Papa. Talagang palagi siyang gumagawa ng gulo.”

“Pati ba naman ikaw, Edwin?” inis na sabi ng don. “Ikaw na inaasahan kong magtatanggol sa kapatid mo? Kapag ganyan ay talagang isasama ko na si Emil; wala na palang kakampi ang anak ko dito.”

“Ang hirap sa ’yo, Ricardo, pati away-bata’y pinapatulan mo,” sumbat ng doña. “Bakit hindi mo aminin na ginagawa mo lang itong butas para makuha si Emil dahil iyon talaga ang matagal mo nang gustong mangyari!”

“Ginagawa ko lang ito para sa kapakanan ng anak ko!”

“Tama na! Huwag ka nang mangatuwiran pa.” Galit na rin si Doña Amanda. Binalingan nito ang bunsong anak. “Ikaw, Emil, gusto mo ba talagang sumama sa ama mo sa Amerika?”

Hindi kaagad nakakibo si Emil. Para siyang napahiya sa ina; hindi niya akalaing aabot sa ganoon

ang kanyang ginawa.

“Sagutin mo ang mama mo, Anak,” sabi ni Don Ricardo.

Tumingin siya sa ama, iniisip kung ano ang gagawin nito kung sakaling tumanggi siyang sumama rito. Tiyak na hindi nito iyon magugustuhan; tiyak na magagalit ito sa kanya. Pero paano ang kanyang mama? Ah, maiintindihan din siya nito. “Opo, Mama, gusto ko pong sumama sa Papa sa Amerika,” sa wakas ay sabi ni Emil.

Nasaktan si Doña Amanda sa narinig. Huminga ito nang malalim at saka nagsalita. “Kung iyon ang gusto mo, Emil, sige, sumama ka sa papa mo. Maaari mo na siyang isama, Ricardo.” At saka pigil ang luhang umalis ito sa harapang iyon.

Nagalit si Edwin sa ginawa ng kapatid samantalang awang-awa si Nica sa doña. Gusto niya itong sundan at yakapin.

---

Dala ng paniniwala ni Nica na siya ang may kasalanan sa pagkakalayo nina Emil at Doña Amanda, sinikap niyang lalong mapalapit at mapamahal sa matanda. Gusto niyang kahit paano ay mapunan niya ang pangungulila nito sa bunso.

Hindi naman siya nabigo pagkat napalapit nga sa kanya si Doña Amanda. Damang-dama niya kung paano siya nito itinuturing bilang tunay na anak. Pinag-aral siya nito sa magandang eskuwelahan at ibinibigay ang lahat ng kanyang mga pangangailangan. Ano pa at naging sagana siya sa piling ng kanyang bagong pamilya. Pakiramdam niya ay isa siyang prinsesa sa piling ng mag-ina.